Iskedyul ng Binawasang Serbisyo ng E-Tran

*Simula Lunes, Abril 13, 2020, pansamantalang binawasan ang serbisyo ng e-tran hanggang sa susunod na pag-abiso.

Noong Miyerkules, Marso, 25, 2020, ipinagtibay ng Konseho ng Lungsod ang patakaran at mga pamamaraan na nagbibigay sa Tagapamahala ng Lungsod ng awtoridad na baguhin, bawasan, at/o suspindihin ang mga serbisyo sa pampublikong transportasyon ng lungsod sa panahon ng isang pangyayaring dineklara bilang emergency. Bagaman ang patakaran at mga pamamaraan ay hindi nilalayon para magdikta kung ano mismo ang mga pagbabagong mangyayari at kung kailan ito mangyayari, nagbibigay ang mga iyon ng mga pangkalahatang patnubay at mga opsiyon para tumugon sa kawalan ng mga pasahero, pagiging available ng mga operador ng bus, mga utos ng pamahalaan ukol sa kalusugan at kaligtasan, at iba pang mga hindi inaasahang epekto sa serbisyo sa panahoon ng emergency na pangyayari.

Alam naming ang bawat desisyong ginagawa namin ay may malawak na epekto na higit pa sa aming mga operasyon. Sa pagsasaalang-alang nito, ginawa ng e-tran ang mahirap na desisyong pansamantalanag bawasan ang serbisyo. Patuloy naming susubaybayan ang mga epekto sa mga serbisyo sa pampublikong transportasyon ng Elk Grove at makikipagtulungan kami sa kinontratang provider ng pampublikong transportasyon ng Lungsod, ang Sacramento Regional Transit District, upang tukuyin kung kailangan ang anumang mga karagdagang pagbabago sa serbisyo ayon sa kasalukuyang sitwasyon.

Hinihikayat namin ang lahat ng aming mga kostumer na mag-sign up para sa elektronikong sistema ng pag-abiso ng Lungsod na Rider Alert. Pahihintulutan kami nito na magbigay ng abiso sa iyo sa pamamagitan ng text o email tungkol sa anumang mga pagsasaayos ng iskedyul, pagbabago sa ruta, at/o pagbawas/pagsuspinde ng serbisyo. Kung hindi ka makakatanggap ng mga Rider Alert sa pamamagitan ng text o e-mail, mangyaring tumawag sa linya ng serbisyo sa kostumer ng e-tran sa (916) 683-8726 para alamin ang tungkol sa iyong ruta o serbisyo.

Pinapahalagahan namin ang iyong patuloy na pag-unawa at pasensiya hinggil sa anumang mga hindi inaasahang pagbabago sa serbisyo na maaaring mangyari sa panahong ito. Tingnan ang higit pang impormasyon tungkol sa pagtugon ng Lungsod sa sitwasyon ng COVID-19.